Bravehearts
Educate Empower Protect Our Kids

ACCESS COMMUNITY SERVICES LTD

**BRAVEHEARTS FOUNDATION LTD**
PO Box 575 Arundel BC Qld 4214
P 07 5552 3000 F 07 5552 3088
**bravehearts.org.au**

FREECALL 1800 272 831

# Pag-abusong sekswal sa: Haka-haka at katotohanan

## Child sexual assault: Myths and facts

Para lubos na maintindihan ang realidad ng mga pag-abusong sekswal sa kabataan, importante na intindihan ang Haka-haka ay nandiyan.

Haka-haka #1: Ang mga magulang ay may kasalanan sa sekswal na pang-aabuso. Kailangan nilang pangalagaan ang mga anak nila.

Katotohanan: Kadalasan ang mga magulang ang sinisisi sa hindi pagpoprotekta sa kanilang anak. Gayunpaman, ang ugaling eto ay nagpapakita ng kawalan ng responsabilidad ng nagkasala. Ang taong nagkasala ang palaging may responsabilidad sa pang-aabuso ng bata.

Haka-haka #2: Ang taong nang-aabuso ay mga estranghero.

Katotohanan: Ayon sa pagsusuri 70-90% sa mga naging kaso ang mga nang-aabuso ay taong kakilala ng bata.

Haka-haka #1: Ang mga magulang ay may kasalanan sa sekswal na pang-aabuso. Kailangan nilang pangalagaan ang mga anak nila.

Katotohanan: Kadalasan ang mga magulang ang sinisisi sa hindi pagpoprotekta sa kanilang anak. Gayunpaman, ang ugaling eto ay nagpapakita ng kawalan ng responsabilidad ng nagkasala. Ang taong nagkasala ang palaging may responsabilidad sa pang-aabuso ng bata.

Haka-haka #2: Ang taong nang-aabuso ay mga estranghero.

Katotohanan: Ayon sa pagsusuri 70-90% sa mga naging kaso ang mga nang-aabuso ay taong kakilala ng bata.

Haka-haka #3: Ang mga taong nang-aabuso sa kanilang anak ay hindi delikado sa ibang kabataan.

Katotohanan: Ang taong nang-aabuso ay bihira lang makagawa ng isang beses. Ang mga taong mapag- abuso sa sariling anak malaki ang posibilidad na gawin din sa ibang kabataan.

Haka-haka #4: Ang mga kabataan ay nang-aakit na sila ay abusuhin sa ipinapakitang malanding kilos.

Katotohanan: Walang bata na gustong maabuso( magahasa). Ang mga matanda o may edad ay may lakas laban sa kabataan,kailangan huwag magpatalo.

Haka-haka #5: Ang pang-aabuso sa kapamilya ay nangyayari lamang sa mahihirap na pamilya.

Katotohanan: Ang pang-aabuso at panggagahasa ay nangyayari sa lahat ng klase ng pamilya, mayaman o mahirap,malaki o maliit, mataas ang pinag-aralan o walang pinag-aralan.

Haka-haka #6: Ang mga kabataan ay natutuwa sa pang-aabuso sa kanila ng mga matanda sa pag-aakala ng hindi ito makakapinsala.


Katotohanan: Ang pang-aabuso ay may iba't iba pinsalang dulot sa kabataan. Ang mga nakaligatas ay palaging nangangailangan ng suporta. Sekswal na pang-aabuso ay kadalasan nagre-resulta ng takot sa kabataan, pagkalito,pagkaguilty,kahihiyan, at pagkalungkot. Itong mga emosyon ay nangyayari sa iba't ibang dahilan.

Haka-haka #7: Ang bata ay hindi tumanggi, o di kaya ay nanlaban para maiwasan ang pang-aabuso, kaya kasalanan ng bata kapag siya ay inabuso(ginahasa).

Katotohanan: Kadalasang nangyayari na tugon ay manahimik, at eto ang pagpigil sa bata na magsabi na "huwag po ". Ang may edad na nang-aabuso ay palaging responsable dahil ang kabataan ay walang muwang sa pangyayari.

Haka-haka #8: Ang kabataan ay nasa murang edad para magsinungaling tungkol sa pang-abuso.

Katotohanan: 98% sa kaso ng sekswal na pang-aabuso ng kabataan ay tama.



Haka-haka #9: Ang kabataan ay palaging di maunawaan at maling akusasyon sa may edad na nang-aabuso.

Katotohanan: Kadalasan ang mga batang inabuso ay matagal magbunyag pagkatapos ng naganap na pang-aabuso.

Haka-haka #10: Pag-abuso sa kapamilya at pang-aabuso sa mga kabataan ay tanggap sa ibang kultura.

Katotohanan: Walang makakapag patunay nito. Ang pagkakaiba ng kultura at pagbigay ng halaga ay naka depende sa mga kultura ng bansa. Dito sa Australia ay Parehong labag sa batas.

Haka-haka #11: Ang pang-aabuso sa kabataan ay hindi nakakapinsala, ito ay kuskus-balungos na mga nakakatanda, proteksiyong pang kabataan at ang mga makatarungang awtoridad ay ginagawa itong problema.

Katotohanan: Ayon sa batas ang ibang kaso na kinasasangkutan ng medical at sosyal welfare ay nakakasakit ng ulo; gayunman, hindi eto pwedeng gamitin na dahilan para huwag magsalita at hayaang magpatuloy ang pang-aabuso. Sa pagsisiyasat na ginawa sa mga nakaligtas, karamihan sa kanila ay nagsabi at nilarawan ang negatibong epekto sa oras ng pang-aabuso.

Haka-haka #12: Sakaling ang bata ay naglantad tapos nag-iba ng pahayag, siya ay nagsisinungaling.

Katotohanan: Siguradong mahirap sa bata na makaranas ulit ng pang-aabuso. Bunga ng panglantad ay kasama ang pagkasira ng pamilya, paghihirap ng magulang, at iba pa. Ang pag-iba ng pahayag ay paraan ng bata para maayos ang lahat na parang walang nangyari.



copyright 2016 Bravehearts Foundation Ltd